REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 89-89

KAPASIYAHAN NA HINIHILING SA KAGAWARAN NG LANSANGAN AT PAGAWAING BAYAN NA GAWING KONKRETO AT DALAWANG LANDAS (2 LANES) ANG MGA TULAY NA KAHOY SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG MUNTINLUPA TULAD NG MGA SUMUSUNOD: A) TULAY SA PAGITAN NG ALABANG AT CUPANG; B) ALABANG AT BAYANAN; K) BAYANAN AT PUTATAN; D) PUTATAN AT POBLACION; E) TULAY SA PAGITAN NG TUNASAN, MUNTINLUPA,ATA CUYAB, SAN PEDRO NA LAHAT AY PAWANG BAHAGI NG MUNTINLUPA,TAGUIG ROAD (P.T.T.A. ROAD); NA ANG DAPAT MAUNA SA GAGAWIN AY ANG PINAKAMAHABANG TULAY SA PAGITAN NG ALABANG AT CUPANG.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang tulay na kahoy ay lubhang marupok at mahina lalo na sa panahon ng tag-ulan at tumataas ang tubig sa mga ilog na ikinaaanod ng ilang bahagi ng tulay na maaaring ikahulog o maka-aksidente at kumitil ng buhay ng mga dumadaan dito;

SAPAGKAT, ang pagpapalapad ng tulay ay magdudulot ng mabilis at maayos na daloy ng trapiko sa mga nabanggit na lugar at madaling maipararating ang mga kalakal ng mga komersyante sa mga lugar na dapat pagdalhan;

SAPAGKAT, sa panahon ng sakuna at mga di inaasahang pangyayari tulad ng pagkakaroon ng sunog ay madaling makakarating ang mga mamamatay-sunog at maiiwasan ang paglubha at pagsugpo agad ang pagkalat nito kung may malawak at maayos na madadaanan;

SAPAGKAT, higit na matibay at matagal ang itatagal ng tulay na konkreto at hindi mangangailagga ng madalasang pagkukumpuni na nagdudulot ng kaabalahan sa mga mamamayan lalo na sa mag-aaral at naghahanapbuhay.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na hilingin sa Kagawaran ng Lansangan at Pagawaing Bayan na gawing konkreto at dalawang landas (2 lanes) ang mga tulay na kahoy na nasasakupan ng Bayan ng Muntinlupa tulad ng sumusunod: a) tulay sa pagitan ng Alabang at Cupang; b) Alabang at Bayanan; b) Bayanan at Putatan; d) Putatan at Poblacion; e) Tulay sa pagitan ng Tunasan,Muntinlupa at Cuyab,San Pedro na lahat ay pawang bahagi ng Muntinlupa, Taguig Road (P.P.T.A. Road); na ang dapat mauna sa gagawin ay ang pinakamahabang tulay sa pagitan ng Alabang at Cupang.

PINAGTIBAY ng nakararaming kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang panglimampung (50th) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-6 ng Marso, 1989.

KGG. NEMESIO O. MOZO
Pansamantalang Pangulong
Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



**Kapasiyahan Bilang 89-89**

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
**Konsehal**

KGG. REY E. BULAY
**Konsehal**

KGG. ROMAN E. NIEFES
**Konsehal**

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
**Konsehal**

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
**Konsehal**

KGG. NOLASCO L. DIAZ
**Konsehal**

**PINATOTOHANAN :**

RAUL R. CORRO
**Kalihim Bayan**